# Balitang Manmin

BILANG 103 MARSO 2, 2014


# 'Balik-Tanaw', Bagong Programa ng GCN

## Pag-alaala sa mga Krusada sa Ibang Bansa – Puno ng Tanda, Himala, at Kapangyarihan




Sa Uganda Holy Gospel Crusade 2000, may mga gumaling mula sa AIDS at iba pang sakit na hindi gumagaling. Nakalakad at nakatalon ang mga lumpo, nakarinig ang mga bingi, at nakapagsalita ang mga pipi. Ibinalita ng CNN, isang istasyon ng America, ang kamangha-manghang pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos. Pinatunayan ni Dr. Jaerock Lee na si Jesus ang Tagapagligtas ng sangkatauhan sa mga mensahe at kapangyarihan niya sa mga krusada sa Pakistan, Kenya, Pilipinas, Rusya, Germany, Peru, DR Congo, Estados Unidos, Israel, at Estonia. (Kanan, ibaba: Elder Johnny J. Kim, punong-tagapagbalita ng 'Balik-Tanaw')

Ibinobrodkast ng GCN (www.gcntv.org) ang mga programang nagpapahayag ng ebanghelyo ng kabanalan at naghahatid ng kapangyarihan! Maganda ang pagtanggap ng mga manonood sa 'Balik-Tanaw'. Pinupukaw ng programang ito ang emosyon nila dahil ipinapaalaala nito ang mga krusada ni Dr. Jaerock Lee sa ibang bansa kung saan ipinahayag ang mga makapangyarihang pagkilos ng Diyos.

Nagsimula ang Manmin Central Church noong taong 1982, dumaan ito sa tatlong pagsubok, pagkatapos, itinatag ng iglesya ang pundasyon para tuparin ang misyon sa buong mundo. Isinagawa ang muling pagbangon noong taong 2000. Sa pinakaunang palabas ng Balik-Tanaw, malinaw na ipinakita ang krusada ni Dr. Jaerock Lee sa Uganda noong taong 2000 sa tulong ng mga katuwang niya sa gawain.

Sa isang pulong para sa mga mamamahayag bago magsimula ang krusada, sinabi ni Dr. Lee, "Makikita ninyo ang kapangyarihan at kadakilaan ng Diyos. Maaantig ang damdamin ninyo sa mga kamangha-manghang pagkilos Niya."

Tulad ng sinabi niya, maraming pastor ang binago at pinagaling sa mga seminar para sa mga lider. Ang mga seminar na ito ay may paksang 'Keys to Church Revival' (Mga Paraan para Muling Pasiglahin ang Iglesya). Idinaos ito noong Hulyo 5-6, 2000. Noong Hulyo 7, sinimulan ang tatlong magkakasunod na krusadang tinawag na Uganda Holy Gospel Crusade sa Kampala Park. Umawit ng mga kanta sa wikang Ingles at sa wikang Uganda ang mga mang-aawit ng Manmin at sinayaw din nila ang tradisyunal na sayaw ng Korea. Puspos ng Espiritu ang mga pagtatanghal, naging maalab ang pagtanggap ng mga taong dumalo.

Higit sa lahat, ang mga mensahe ni Dr. Lee na 'God the Creator' (Diyos na Manlilikha), 'Why is Jesus Our Only Savior?' (Bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas?), at 'God the Healer' (Diyos na Nagpapagaling), at ang pananalangin niya para sa mga may sakit ay nagdala ng kamangha-manghang pagpapagaling. Nakapaglakad at nakatalon ang isang babaing 23 taong hindi nakakapaglakad. Naging magkasing-haba ang mga binti ng isang lalaking pipilay-pilay. Maraming napagaling mula sa malalang pagkasunog, polio, at stroke. At maraming bingi ang nakarinig, mga piping nakapagsalita, at mga bulag na nakakita. Gumaling ang mga may AIDS at mga sakit na matagal nang hindi gumagaling.

Nagsisi ng may pagluha ang mga taong nagtangkang manggulo sa krusada nang makita nila ang napakamakapangyarihang pagkilos ng Diyos. Nakita ng mga tao sa krusadang ito na ang kalooban ng Diyos para sa Manmin ay matutupad nang walang mali kahit subukan pa itong guluhin. Ipinalabas ng mga pampublikong istasyon ng tv, ng U-TV, at C-TV ang mga tagpo sa krusada mula sa unang araw nito. Ibinalita din ang tungkol dito sa iba't ibang programa.

Ibinalita din ng CNN, isang pambalitaang istasyon ng America, ang tungkol sa krusada. Nakita dito kung gaano kalaki ang impluwensya ng pamamahayag. Naging batayan ito para itatag ng Manmin ang pundasyon ng GCN. Nagbobrodkast na ang GCN ngayon sa may 170 mga bansa.

Nagsimula ang programang 'Balik-Tanaw' noong Disyembre 17, 2013. Unang ipinalabas ang mga krusada sa Uganda noong taong 2000. Naging daan ang programang ito sa pagmiministeryo sa limampu't apat na bansa sa Africa. Sa susunod, ipapalabas naman ang krusada sa Pakistan, naging daan ito para maihatid ang ebanghelyo sa mga bansang Islam sa pamamagitan ng pagkilos ng Espiritu. Ipapalabas din ang mga makabagbag damdaming tagpo sa krusada sa India na dinaluhan ng mahigit sa tatlong milyong tao. Hindu ang karamihan sa bansang ito; ang krusada sa Germany, na pumukaw sa mga taga-Europa, ang krusada sa New York, na idinaos sa Madison Square Garden sa Estados Unidos, at ang krusada sa Israel na nagpahayag na si Jesus ang Tagapagligtas sa bansang mas nakakarami ang mga Judio.

# Ang Karunungang Mapagpayapa

"Ngunit ang karunungang buhat sa itaas, una'y malinis, saka mapagpayapa, banayad, mapagbigay, puspos ng kaawaan, at ng mabubuting bunga, walang pagtatangi, walang pagkukunwari" (Santiago 3:17).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Para magawa natin ng maayos ang trabaho natin, maging ito'y pampamilya, eskwelahan, opisina, o negosyo, kailangan natin ng karunungang mapagpayapa para maging maayos ang pakikitungo natin sa lahat ng tao. Kung mayroon tayong ganitong klaseng karunungan, makukuha natin ang kalooban nila at makakapagbigay tayo ng inspirasyon sa kanila. Paano tayo magkakaroon ng karunungang mapagpayapa?

## 1. Ang espirituwal na kahulugan ng kapayapaan

Sa diksiyonaryo, ang kahulugan ng kapayapaan ay 'kalayaan mula sa mga awayan at hindi pagkakaunawaan; maayos na relasyon sa ibang tao'. Pero ang espirituwal na kahulugan nito ay 'ang pagkakaroon ng bukas at magandang kalooban na magmamahal sa lahat ng tao'. Gusto ng Diyos na palaging magkaroon ng kapayapaan ang mga anak Niya.

May kapayapaan tayo sa mga taong gusto natin, pero nahihirapan tayong makasundo ang mga taong hindi natin gusto. Kung mahal natin ang Diyos, magiging mapagpayapa tayo sa lahat, bukas ang kalooban. Habang hindi pa mabuti ang kalooban natin, mahirap manatiling mapagpayapa kahit pagsikapan natin. Ito'y sapagkat magugulo o mababagabag ang kalooban natin kapag humarap tayo sa situwasyon na hindi natin gusto.

Samakatwid, dapat maging mapayapa ang kalooban natin bago tayo maging mapagpayapa sa ibang tao. Para mangyari ito, alamin natin at iwaksi ang lahat ng klaseng kasamaan tulad ng galit, selos, kayabangan, pagmamataas, at kabalisahan. Mapapayapa ang kalooban natin kung tapos na nating labanan ang mga kasalanan at pinapabanal na ang puso. Pagkatapos, magkakaroon na tayo ng kapayapaan sa asawa, mga anak, mga kaibigan, mga kasamahan sa trabaho, at mga kapitbahay. At higit pa riyan, magkakaroon tayo ng kapayapaan sa Diyos.

Ang kahulugan ng may kapayapaan sa Diyos ay walang pader ng kasalanan sa pagitan natin at ng Diyos. At para magkaroon nito, dapat nating iwaksi ang lahat ng klase ng kasalanan para maging mapayapa ang kalooban natin. Ang mga taong mapayapa ang kalooban ay mapayapa din sa ibang tao.

Pinanatili ni Jesus ang kapayapaan sa lahat ng tao. Hindi lang Siya naging mapagpayapa sa mga mabubuting tao, sa mga may pinag-aralan, mga may mababang kalooban, at mga masunurin. Naglingkod Siya at naging mapagpayapa sa mga kulang sa kaalaman at edukasyon, pinaglingkuran din Niya ang mga makasalanan at mga maniningil ng buwis. Para magdala ng kapayapaan sa pagitan ng Diyos at tao, namatay Siya para sa sangkatauhan na nabubuhay sa kasalanan at kasamaan.

## 2. Ang paraan para magtagumpay ay ang karunungang mapagpayapa

Bakit sinasabi ng Diyos na karunungan ang maging mapagpayapa sa lahat ng tao?

Una, dahil ang kapayapaan ang daan sa pagpapasiya tungkol sa lahat ng bagay ayon sa kalooban ng Diyos. Ito ang lagusan ng mga biyaya para bumaba ang kapangyarihan at pagpapala ng Diyos.

May mga taong may malawak na kaalaman at may mataas na posisyon sa lipunan pero mapagpakumbaba at madaling makasundo ng mga taong iba't iba ang pinagmulan. May mga taong mababa ang tingin sa iba, mayabang sila dahil mataas ang posisyon nila. Kahit napakatalino nila at maraming abilidad, maaaring mabigo sila o masawi kung may galit sila sa ibang tao.

May isang taong tinawag na Cho Kwang Jo sa Chosun Dynasty. Gusto niyang magkaroon ng malaking reporma para sa hari at sa mga mamamayan. Gusto niyang mawala ang masasamang gawain sa pulitika at gawing mayaman at makapangyarihan ang bansa. Sinuportahan siya ng hari sa simula. Pero dahil napakaagresibo niya, nilabanan siya ng ibang opisyal ng bansa. Sa bandang huli, inakusahan siya ng mali at pinatay. Kung naging mabait siya at mapagbigay tungkol sa kaalaman niya, baka nakita pa niya ang katuparan ng mga pangarap niya.

Maaaring gumawa ng mga kahanga-hangang bagay ang isang tao sa trabaho niya, pero hindi maganda ang reputasyon niya sa ibang tao. Pwedeng sabihin ng iba na ipinipilit niya kung ano ang gusto niya at kung ano ang alam niya, nakakasakit siya ng damdamin ng ibang tao. Binabalewala niya ang mga opinyon at situwasyon ng ibang tao. Ang paraan niya ay hindi naaayon sa paraan ng mga taong mas mababa at mas mataas sa kanya. Kahit maabilidad at mahusay siya pero hindi naman mapagpayapa, wala siyang karunungan.

May isa pang dahilan kung bakit sinasabing ang kapayapaan ay karunungan. Ito'y dahil kapag wala ang kapayapaan, hindi mararanasan ang pagkilos ng Diyos.

Mahalaga ang kapayapaan sa pagtupad ng gawain ng Diyos. Pwedeng matalino, mahusay, at maraming talento ang isang tao, pero hindi siya makakapaglingkod kung may mga kaaway siya. Ang lingkod ang siyang nagpaplano ng mga gawain pero ang Diyos ang gumagawa para maging mabunga ito. Pero kung makikipag-away tayo habang naglilingkod, bibigyan natin si Satanas ng pagkakataon para akusahan tayo. Hindi na makakagawa ang Diyos para sa atin.

Kahit gaanong sipag at dunong ang ibigay ng tao sa gawain niya, hindi ito magbubunga ng mabuting espirituwal na bunga. Ipagpalagay nating may isang taong maraming talento at masipag sa gawain para sa Diyos. Pero, kapag may itinatakdang gawain sa kanya ang lider, palaging nagkakaroon ng problema. Pati ang ibang mga lingkod nadadamay. Hindi na siya bibigyan ng gawain ng mga lider.

Samakatwid, kailangan ng karunungang mapagpayapa habang tinutupad ang gawain ng Diyos. Kahit hindi sapat ang kakayahan natin, kapag nagkakaisa tayo at mapagpayapa, bibigyan tayo ng Diyos ng mas malaking kakayahan at katiyakan para magkaroon ng magandang resulta ang gawain.

## 3. Para magkaroon ng kapayapaan, pangalagaan ang mabuting kalooban

Para maging mapagpayapa sa lahat ng tao, pangalagaan natin ang mabuting kalooban. Hindi iniisip ng mga taong nang-aaway na masama sila. Nagkakaroon ng problema dahil inaakala nilang gumagawa sila ng kabutihan, pero sa totoo lang, sariling pakinabang lang ang hinahangad nila. Ang mga tunay na naghahangad ng kabutihan ay hindi nakikipag-away.

Nagkakaroon din ng away ang mga mag-asawa kung makasarili sila. Gusto nilang sumunod ang asawa sa lahat ng gusto nila. Kung magpapakababa at maglilingkod sa isa't isa, mapapanatili ang kapayapaan.

Nagiging makasarili kayo kung ipinipilit ninyo ang opinyon ninyo, kung sinasabi ninyong kayo ang tama, kung kayo lang ang nakikinabang, kung ipinapalagay ninyong hindi kayo mahihirapan, at kung mas kikilalanin kayo. Kung hindi ninyo pinapangalagaan ang mabuting kalooban, gagawa at magsasalita pa rin kayo ng mga bagay na hindi mabuti kahit batid na ninyo ang katotohanan. Kung ipipilit ninyo ang pansariling pakinabang, masasaktan ang damdamin ng ibang tao, masisira ang pakikitungo ninyo sa kanila.

Pinapanatag ng mga may mabuting kalooban ang isipan ng mga tao. Hinahangad nila ang mas mabuti para sa kaharian ng Diyos at kung anong ikakabuti ng ibang tao. Pinapakinggan nila ang opinyon ng ibang tao, maliban na lang kung masama ito. Kung magkaiba ang opinyon nila, hindi nila aawayin ang taong ito. Pwede nating tanggapin ang kahit na anong klaseng tao at baguhin ang masasama kung taos-puso natin silang paglilingkuran. Magsakripisyo tayo at magpakumbaba na may tapat na puso.

Mag-ingat tayo, huwag tayong makipagkasundo sa kasamaan habang nagsisikap tayong maging mapagpayapa. Kung gagawin natin ito para maiwasan ang kaguluhan, o para sumikat, hindi ito naaayon sa pagsulong ng tunay na kapayapaan. Kung nagbabalak ang isang mananampalataya na lumiban sa pagsamba para pagbigyan ang mga kamag-anak niya, pakikipagkasundo ito sa mali. Hindi nito isusulong ang kapayapaan. Sa mga ganitong pangyayari, hindi lang ang mga kamag-anak na pumipigil sa kanya sa pagdalo sa iglesya kundi ang mananampalataya mismo ang malalayo sa Diyos. Pupunta sila sa daan patungo sa kamatayan.

May mga yumuyukod sa mga diyus-diyosan para makaiwas sa away-pamilya. Ang iba naman ay makikipaglasingan dahil pinilit sila ng boss at mga katrabaho. Maaring nagkaroon sila ng panandaliang kapayapaan, pero sa espirituwal na diwa, nagtayo sila ng pader ng kasalanan sa pagitan nila at ng Diyos.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, sinasabi sa 1 Pedro 3:11, "Lumayo siya sa masama at gumawa ng kabutihan, hanapin niya ang kapayapaan, at ito'y lakaran." Panatilihin natin ang kapayapaan, hindi lang sa Diyos kundi pati sa kapwa. Kung gagawin ninyo ito, idinadalangin ko sa Panginoon na nawa ay maranasan ninyo ang kapuspusan ng pagkilos ng Diyos.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Anong kahulugan ng pananampalataya para sa isang Cristiano?

T&S

T. Hindi pa nagtatagal mula ng magsimula akong dumalo sa iglesya. Natutuhan kong ang 'kayamanan ng mga kayamanan' ay pananampalataya. Gusto kong malaman kung ano ang pananampalataya para sa isang Cristiano.

S. Maraming Cristianong Linggo lang pumupunta sa simbahan. Ginagawa nila kung anong gusto nilang gawin sa buong isang linggo at sasaglit sa simbahan kapag araw ng Linggo. Hindi lubos ang pagka-Cristiano nila. Mayroon namang dumadalo sa iba't ibang iglesya para makinig sa mga mensahe.

Kahit nagsisimba kapag Linggo ang mga taong ito, mayroon pa rin silang problema sa mga karamdaman, pinansyal, at pamilya. Bakit kaya? Ang dahilan ay sapagkat wala silang tunay na pananampalataya na karapat-dapat kilalanin ng Diyos. Pag-aralan natin kung ano ang 'tunay na pananampalataya' ng isang Cristiano.

## Pananampalataya: Nagtitiwala sa Diyos na Manlilikha at kay Jesu-Cristo na ating Tagapagligtas

Mababasa sa Mga Hebreo 11:3, "Sa pananampalataya ay nauunawaan natin na ang mga sanlibutan ay nilikha sa pamamagitan ng salita ng Diyos, anupa't ang mga bagay na nakikita ay nagmula sa mga bagay na hindi nakikita." Ibig sabihin, dahil sa pananampalataya, pinaniniwalaan nating nilikha ng Diyos sa pamamagitan ng salita ang langit at lupa at ang lahat ng bagay na narito.

Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay sa sansinukob, pati tayong mga tao. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng mga nilikha Niya, nakasulat ito sa Mga Taga-Roma 1:20. Kapag bubuksan natin ang puso natin, at magmamasid sa mundo, madadama natin ang haplos ng Diyos na Manlilikha. Madadama din natin na buhay ang Diyos dahil sa Biblia, ang Salita Niya. Hindi lang tayo maniniwala, kundi magtitiwala sa buhay na Diyos sa pamamagitan ng mga makapangyarihang pagkilos na ipinapahayag noon at ngayon ng mga lingkod Niya.

Dapat paniwalaan ng mga Cristiano na si Jesu-Cristo ang Tagapagligtas at tanggapin ang Banal na Espiritu bilang handog. Kapag nagtitiwala tayo sa kaibuturan ng ating mga puso na si Jesus ang nagbukas ng daan patungo sa kaligtasan upang tubusin ang sangkatauhan mula sa kanilang kasalanan, at Siya rin ang magbibigay sa atin ng walang hanggang buhay at pag-asa para sa Langit, tatanggapin natin ang Banal na Espiritu. Tayo ay magiging mga anak Niya at makakapasok tayo sa Langit.

Ipinaliwanag na, ang pananampalataya para sa isang Cristiano ay tanggapin si Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas at maging mga anak ng Diyos na Manlilikha. Kung mabubuhay tayo ayon sa Salita na nakasulat sa Biblia, tatangapin natin ang mga sagot sa mga hinihiling natin. Higit pa riyan, magsisikap tayong maging mga tunay na anak ng Diyos na tumutulad sa Panginoon. At nakasulat sa 1 Pedro 1:9, ang bunga nito ay kaligtasan, tatamasahin natin ang buhay na walang hanggan at mga biyaya at kaligayahan sa Langit.

## Pananampalataya: Nagkakaroon ng karapatan na maging anak ng Diyos at nagbabago dahil sa katotohanan

Maraming taong nagsisimba at nagsusulong ng buhay bilang mga Cristiano. Pero sa simula, hindi masasabing ang lahat ng mga ito ay may tunay na pananampalataya. Siyempre, kung magsisisi tayo sa mga kasalanan natin, tatanggapin si Jesu-Cristo, at ang Banal na Espiritu, magkakaroon tayo ng karapatang maging mga anak ng Diyos. Ang simula ng pananampalataya ay kapag nauunawaan natin kung sino ang Diyos at kung bakit si Jesu-Cristo ang ating Tagapagligtas, at kapag naniniwala tayo na may Langit at Impiyerno. Pagkatapos, dapat nating isabuhay ang Salita ng Diyos na nakasulat sa Biblia, tulad ng mga bagay na sinasabi Niya sa atin na gawin, huwag gawin, panatilihin, at iwaksi. Kapag nagawa natin ito, magkakaroon tayo ng tunay na pananampalataya na kikilalanin ng Diyos.

Ipagpalagay nating may isang taong matagal ng Cristiano, hindi pwedeng sabihing tunay ang pananampalataya niya kung hindi niya pinapanatiling banal ang araw ng Sabbath, hindi ibinibigay ang buong ikapu, nagagalit at nakikipag-away. Dapat niyang iwaksi ang bawat anyo ng kasalanan at kasamaan na makikita niya sa maalab na pananalangin (1 Mga Taga-Tesalonica 5:22). Ang pagbabago sa pamamagitan ng katotohanan na nakasulat sa Biblia ay ang pinakamadaling paraan para magkaroon ng tunay na pananampalataya, ang kayamanan ng mga kayamanan.

## Pananampalataya: Ang katiyakan sa mga bagay na inaasahan, ang paninindigan sa mga bagay na hindi nakikita

Kahit gaano pa ang pagsulong ng siyensya at medisina sa kasalukuyan, marami pa ring problema na lampas sa kakayahan at limitasyon ng sangkatauhan, mga bagong sakit o karamdaman, at napakalalaking mga sakuna ang nagiging dahilan ng paghihirap at pasakit ng sangkatauhan. Ang lahat ng ito ay mapapawi sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos at tunay na pananampalataya. Ipinapaliwanag ng Biblia ang tunay na pananampalataya sa Mga Hebreo 11:1-2, "Ngayon, ang pananampalataya ay ang katiyakan sa mga bagay na inaasahan, ang paninindigan sa mga bagay na hindi nakikita. Tunay na sa pamamagitan nito ang mga tao noong una ay tumanggap ng patotoo." Ibig sabihin, natutupad ang mga bagay na hindi inaasahan ng mga tao sa pamamagitan ng pananampalataya sa Diyos na Manlilikha. Ang mga bagay na hindi nakikita ng mga tao ay pwedeng makita dahil sa pananampalataya. Kalugod-lugod ito sa mga nakakaranas ng mga bagay na ito! Sa kapangyarihan ng Diyos na Dakila, matutupad natin ang mga bagay na parang imposible.

Ang mga may tunay na pananampalataya na kinikilala ng Diyos ay hindi nawawalan ng pag-asa o pinanghihinaan ng loob sa mga pangyayari o situwasyon. Pinagninilayan nila ang pag-ibig ng Diyos kahit na anong mangyari at nagpapasalamat sa malalim na pag-ibig Niya. Batid nila na gusto Niyang ibigay sa kanila ang mga kasagutan at mga biyaya. Dahil dito, tinatanggap nila kahit na ano ang hilingin nila habang nagpapatotoo sila nang may pananampalataya.

## Pananampalataya: Ang sukat ng pagmamahal at pagtitiwala sa Diyos

Mababasa sa Mateo 7:21, "Hindi lahat ng magsasabi sa Akin 'Panginoon, Panginoon', ay papasok sa kaharian ng langit, kundi ang gumaganap ng kalooban ng Aking Ama na nasa langit." Sinasabi ng mga tao, "Panginoon, naniniwala ako sa Iyo", pero marami sa kanila ang nagsusulong ng makasariling buhay. Para lang ito sa pansariling pakinabang at ikagiginhawa. Hindi nila iniisip kung gaano ang tiwala at pagkilala sa kanila ng Diyos. Ang tunay na pananampalataya ay ang sukat ng pag-ibig at tiwala sa Diyos.

Ang tunay na tiwala ay ang tiwalanag hindi nagbabago sa kahit na anong situwasyon. Huwag nating lagyan ng limitasyon ang pagtitiwala, sinasabing, "Tatanggapin ko ito hanggang sa ganitong punto, pero kapag lumampas dito, hindi na pwede." Maipapakita natin ang perpektong pagsunod kung lalampasan natin ang mga limitasyon. Magkakaroon tayo ng pananampalatayang nakakalugod sa Kanya kung mamahalin natin Siya ng buong puso at makakapagimbak ng mga gawaing pagsunod na kumikilala sa kalooban Niya. Samakatwid, ang 'pananampalataya' ang batayan ng buhay bilang isang Cristiano, ang maiksing daan patungo sa kaligtasan, at kinakailangan para makamit ang mga kasagutan at mga biyaya.

Umaasa kami na magkakaroon kayo ng pananampalataya na nakakalugod sa Diyos, tamasahin nawa ninyo ang kapangyarihan at mga biyaya bilang mga anak ng Diyos na Manlilikha. Manahan nawa kayo sa nagniningning na kaluwalhatian ng araw sa walang hanggang Langit.

# "Umapaw ang mga biyaya sa pag-unlad ng negosyo ko"

Elder Hyunkyu Lee (Calgary Manmin Church, Canada)




Nagtiwala sa Panginoon ang mga magulang ko at mga ninuno ko. Si Pastor Kichul Joo ang nagkasal sa lolo ko na tatay ng nanay ko. Ikinuwento sa akin ng nanay ko ang pananampalataya nila at hinihimuk niya akong palaging mabuhay nang may pananampalataya. Pero mas gusto ko ang kayamanan, karangalan, kaluwalhatian, at kasiyahan. Kuntento na ako sa pagsisimba.

Noong taong 1977, ang taon ng pagpapakasal ko, nagtrabaho ako sa Samsung Semiconductor. Humarap ang kumpanya sa napakalaking hamon dahil sa 'IMF Financial Crisis' (kahirapang pampinansyal). Sa gitna ng malupit na kapaligiran dahil sa mga ginagawang inspeksyon at pagbabawas ng empleyado, naglingkod pa rin ako para sa kumpanya at para sa sarili ko mula madaling araw hanggang gabi. Walang bahid ng pagkamaka-Diyos ang buhay ko bilang isang Cristiano. Nalunod ako sa makamundong tagumpay at kasiyahan.

Pagkatapos, naging matatag ang kumpanyang pag-aari ko at naging kilala ako sa lipunan. Yumaman din ako. Pero naging matamlay ang espiritu ko, hindi ko alam kung bakit. Nadama kong hindi dapat maging ganito ang buhay ko, walang kabuluhan ang lahat ng ito pagdating ng araw. Gusto kong hanapin ang mga bagay na mahalaga, pero hindi ko magawa.

Para makawala sa ganitong klaseng buhay, nagdesisyon akong lumipat sa Canada. Noong Mayo 2002, lumipat ako sa Calgary, nagsimba ako. Dinaluhan ko ang lahat ng pagsamba pati ang pulong-panalangin sa madaling araw at nagboluntaryo ako para sa iglesya. Nagsipag ako sa buhay ko bilang isang Cristiano. Noong panahong iyon, interesado akong magpatakbo ng negosyong hotel, kaya nagtrabaho ako bilang taga-tanggap ng mga bakasyonista sa isang hotel.

Samantala, noong taong 2004, binigyan ako ni Diakono Chunho Kim (Pastor Kim na ngayon) ng mga libro ni Dr. Jaerock Lee na *Impiyerno* at *Langit I at II*. Ibinigay din niya sa akin ang website ng Manmin Central Church. Pinakinggan ko ang mga mahalagang mensahe ni Dr. Lee tungkol sa buhay. Naantig ang puso ko, napuno ng pagpapala. Nalaman kong hindi ako maliligtas sa klase ng pananampalataya ko. Naging dahilan ito para sa lubos kong pagbabago. Maalab ang hangarin kong makita sa personal si Dr. Lee.

Noong Julyo 2006, bumisita ako sa Manmin Central Church sa Korea kasama ang buong pamilya ni Diakono Kim. Nanatili ako sa Korea sa loob ng isang buwan, marami akong natutuhan sa iglesya, at nagkaroon ng hamon sa pananampalataya ko. Nakita ko ang iglesyang minamahal ng Diyos at kinalulugdan Niya. Higit sa lahat, noong retreat sa tag-init, gumaling ang masakit kong likod dahil sa panalangin ni Dr. Lee para sa mga may sakit. At naantig ang damdamin ko kay Dr. Lee na nagsakripisyo para sa mga miyembro ng iglesya. Parang mabuting pastol na nagbigay ng buhay Niya para sa kawan. Habang nasa Korea ako, itinalaga si Diakono Kim sa Canada bilang misyonero ng Manmin. Sinimulan niya ang Calgary Manmin Church. Bago magtapos ang Hulyo 2006, tinanggap ko mula kay Dr. Lee ang panalangin ng pagpapala. Ito ay may titulong 'Opening a Business that Serves the Church Financially' (pagsisimula ng negosyong tutulong sa pampinansyal na pangangailangan ng iglesya). Papunta na siya sa Estados Unidos noon para idaos ang krusada sa New York.

Pagbalik ko sa Canada, biniyayaan ako ng Diyos. Noong taong 2009, nakuha ko ang 'franchise' ng 'Great Clips' sa Beltline. Ito ay 'hair salon' na kilala sa Estados Unidos at Canada, may 3,000 sangay ito sa mga lugar na ito.

Nagkaroon ako ng mga problema sa pagbubukas, pero nalaman kong dahil ito sa kakulangan ko ng pagtitiwala sa Diyos. Pinagsisihan ko ito. Pagkatapos, ginawa ng Diyos na posible ang mga bagay na imposible. Pinatotohanan Niya ang panalangin ni Dr. Lee.

Ang asawa kong si Diakonesa Ranah Kim ang namamahala sa mga empleyado at sa pagharap at pag-aasikaso ng mga kliyente, at ako naman sa pangkalahatang pamamahala.

Nagawa ko ring magbukas ng kilalang hair salon na kahit mga taga-Canada ay nahihirapang gawin. Ibinibigay ko ang buong ikapu ng kinikita dito, at hindi mula sa sweldo ko. Kahit ngayon nagbibigay ako ng ikapu, hindi ko kinalilimutan ito. Nagbibigay din ako kay Dr. Lee, dahil dito tumatanggap ako ng biyaya sa negosyo ko.

Dahil kumikita ang negosyo ko, binigyan ng parangal ang salon bilang may pinakamataas na pag-unlad. Ang parangal ay iginawad ng pinakamalaking sangay ng salon sa Estados Unidos noong ika-30 anibersaryo nito noong taong 2012. Nang buksan ko ang salon, nasa mababang ranggo lang ito. Ayon sa istatistika ng Canada, nasa pinakamataas na 10% ang kinikita ng pamilya ko. Lahat ng pagpapasalamat at kaluwalhatian ay ibinibigay ko sa Diyos na nagpakilala sa akin sa pastol Dr. Jaerock Lee, pinagpala Niya ako.

# "Nakapaglakad ako pagkatapos tanggapin ang apoy ng Espiritu"

Myrna Delmo (Davao Manmin Church, Philippines)

Sa loob ng 20 taon pinagdusahan ko ang epekto ng pagpapaopera ko ng gulugod. Hindi ko matandaan kung kailan ako nagsimulang tumanggap ng *Balitang Manmin* sa wikang Bisaya. May naglalagay ng kopya nito sa pintuan ng bahay ko.

Gayon pa man, binasa ko ito at tumanggap ako ng pagpapala. Nagpalista ako sa Davao Manmin Church na pinaglilingkuran ni Pastor Kathryn E. Kim. Noong simula ng taong 2013, nagkaroon ng paninigas ang mga binti ko, nawalan ito ng lakas. Hindi ako makapaglakad ng nag-iisa. Idagdag pa diyan, nadulas ako sa banyo noong Hulyo 2013, hindi ako makalakad, nakahiga na lang ako. Samantala, narinig ko ang balitang magdadaos ng pagpupulong na may panyong nakakapagpagaling. Ang magiging tagapagsalita ay ang Patnubay na Pastor sa lahat ng sangay ng Manmin sa buong mundo na si Heesun Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Noong Disyembre 6, 2013, nagsimula na ang pagpupulong. Idinalangin ni Pastor Lee ang mga may sakit gamit ang panyo na pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee. Pagkatapos ng panalangin, habang naka-upo ako, hinawakan ang mga kamay ko ng isa sa mga miyembro ng grupong pang-misyon. Sinabi niya sa akin na tumayo ako, pero hindi ko ito magawa. Gayon pa man, nagulat ako, nakita ko na lang ang sarili kong nakatayo sa harapan ng altar!

Hindi ko matandaan kung paano ako nakarating sa altar, parang lumutang lang ako sa hangin. Pagkatapos, inihatid ni Pastor Lee ang mensahe, nanguna siya sa mga papuri at pananalangin. Nagpuri din ako, sumayaw kasabay ng mga miyembro ng iglesya. Matagal ko na itong hindi nagagawa.

Tinanggap ko ang apoy ng Espiritu noong oras na iyon, kaya kahit nasa bahay na ako, mainit pa rin ang ibabang bahagi ng katawan ko. Hindi ako makatulog. Kinabukasan, may kamangha-manghang nangyari! Nakatayo ako at nakapaglakad ng walang tulong. Hallelujah!



## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan,
Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San
Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant),
Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub.
Bayan Luma 7, Imus Cavite,
Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao
Road, Lapu-Lapu City, Cebu,
Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores
Village, Bangkal, Davao City,
Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714